# Pagbabakuna sa QC at Caloocan health workers, umarangkada

Balita · 25 Mar 2021 · 2 · Jun Fabon at Orly L. Barcala

Umarangkda na ang programang Resbakuna ng Quezon City at sinimulan ang pagbakuna ng AstraZenica sa higit 1,000 health workers sa District 2 ng Quezon City, iniulat kahapon.

Ito'y matapos sumalang sa screening ang health workers ng QC kung saan mahigit 1,000 doses ng bakuna mula sa Department of Health ang kanilang tinanggap.

Nabatid kay Dra. Lanie Buendia, OIC Health Officer ng District 2 Quezon City Health Department, aabot 5,700 medical frontliners sa buong QC ang nakatakdang mabakunahan gamit ang AstraZenica at Sinovac Vaccine.

Walang iniulat na nakaranas ng "adverse effect" sa unang araw ng Resbakuna sa Batasan QC ngunit minomonitor pa rin ng City health department ang mga nabakunahan, ayon kay Mayor Josefina 'Joy' Belmonte.

Sa Caloocan City, binakunahan na rin ang lahat ng miyembro ng Barangay Health Emergency Response (BHERT), barangay health center dentist at mga nagtratrabaho sa mga pribadong klinika kahapon ng umaga.

Si Mayor Oscar Malapitan mismo ang nanguna sa magkasabay na vaccination na ginanap sa Bulwagang Katipunan sa New City Hall sa 8th Street, 8th Avenue ng lungsod, bandang 8:00 ng umaga, at sa Caloocan City North Medical Center.

Sa datos, 572 kawani ng City Health Department at mga barangay health workers ang nabakunahan ng AstraZeneca o Sinovac.